CALIFORNIA High-Speed Rail Authority

# ABISO SA PUBLIKO

**ABISO NG AVAILABILITY/ABISO NG PAGPUPULONG NG LUPON NG AUTHORITY**

## *California High-Speed Rail – Seksyon ng Proyektong Burbank hanggang Los Angeles*

### PINAL NA ENVIRONMENTAL IMPACT REPORT/ENVIRONMENTAL IMPACT STATEMENT

Inaanunsyo ng California High-Speed Rail Authority (Authority) ang availability ng **Pinal na Environmental Impact Report/Environmental Impact Statement (EIR/EIS)** para sa **Seksyon ng Proyektong Burbank hanggang Los Angeles ng Proyektong California High-Speed Rail.**

**Ang Pinal na EIR/EIS ng Seksyon ng Proyektong Burbank hanggang Los Angeles at mga nauugnay na dokumento ay makukuha ng publiko sa Nobyembre 5, 2021. Makukuha ang Pinal na EIR/EIS online bilang PDF sa website ng Authority (www.hsr.ca.gov). Maaari ka ring humiling ng electronic na kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa (877) 977-1660.**

*Makikita rin sa website ng Authority ang naunang inilabas na Draft na EIR/EIS (inilathala noong Mayo 26, 2020, sa ilalim ng CEQA at NEPA). Ang Kumprehensibong Buod ay makukuha sa English, Arabic, Armenian, Chinese, Japanese, Korean, Spanish, Tagalog, at Vietnamese.*

Naglagay ng mga naka-print na kopya at/o electronic na kopya ng Pinal na EIR/EIS sa mga sumusunod na aklatan at mababasa ito sa mga oras na bukas ang mga pasilidad (maaaring umikli ang mga araw/oras na bukas ang mga pasilidad bilang pagsunod sa mga direktiba para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan kaugnay ng coronavirus):

- Burbank
  - Buena Vista Branch Library, 300 N Buena Vista Street
  - Northwest Branch Library, 3323 W Victory Boulevard
  - Burbank Central Library, 110 N Glenoaks Boulevard
- Glendale
  - Grandview Library, 1535 Fifth Street
  - Pacific Park and Community Center, 501 S Pacific Avenue
  - Glendale Central Library, 222 E Harvard Street
- Los Angeles
  - Atwater Village Branch Library, 3379 Glendale Boulevard
  - Chinatown Branch Library, 639 N Hill Street

- Cypress Park Branch Library, 1150 Cypress Avenue
- Lincoln Heights Branch Library, 2530 Workman Street
- Little Tokyo Branch Library, 203 S Los Angeles Street

Masusuri din ang mga naka-print at/o electronic na kopya ng Pinal na EIR/EIS at mga electronic na kopya ng mga nauugnay na teknikal na ulat sa mga oras na bukas ang negosyo sa Headquarters ng Authority sa 770 L Street, Suite 620 MS-1, Sacramento, CA at sa pamamagitan ng pagpapa-appointment sa Southern California Regional Office ng Authority sa 355 S Grand Avenue, Suite 2050, Los Angeles, CA. Para magpa-appointment para matingnan ang mga dokumento, mangyaring tumawag sa 323-610-2819.

Ang Pinal na EIR/EIS ay ipinepresenta sa publiko at sa mga pampublikong ahensya alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA) at National Environmental Policy Act (NEPA) bago ang pagpapasya ng Authority sa pagtatapos ng pagsusuri sa kapaligiran na ito sa antas ng proyekto.

Ang pagsusuri sa kapaligiran, konsultasyon, at iba pang pagkilos na iniaatas ng NEPA at mga naaangkop na pederal na batas sa kapaligiran ay isinasagawa o naisagawa na ng Estado ng California alinsunod sa 23 United States Code § 327 at isang Memorandum of Understanding (MOU) na pinetsahan noong Hulyo 23, 2019, at ipinatupad ng Federal Railroad Administration (FRA) at Estado ng California. Sa ilalim ng MOU na iyon, ang Authority ay ang pangunahing pederal na ahensya ng proyekto sa ilalim ng NEPA. Bago ang MOU noong Hulyo 23, 2019, ang FRA ang pangunahing pederal na ahensya. Ang Authority din ang pangunahing ahensya ng proyekto sa ilalim ng CEQA.

**PAGPUPULONG NG LUPON NG AUTHORITY sa Enero 19 at Enero 20, 2022, 11:00 a.m.**

***UPDATE TUNGKOL SA COVID-19***

*Dahil sa mga kahingian sa pampublikong kalusugan at kaligtasan kaugnay ng coronavirus, ang pagpupulong ng Lupon ng mga Direktor ng Authority para sa Pinal na EIR/EIS ay maaaring isagawa lang bilang isang online at video/teleconference meeting. Pakitingnan ang website ng Authority (www.hsr.ca.gov) o tumawag sa (916) 324-1541 para sa higit pang impormasyon, kabilang ang updated na impormasyon tungkol sa planadong pagpupulong.*

Ang Lupon ng mga Direktor ng Authority ay magdaraos ng dalawang araw na pagpupulong sa **Enero 19 at Enero 20, 2022** upang pag-isipan kung pagtitibayin ang Pinal na EIR/EIS at aaprubahan ang Gustong Alternatibo (ang HSR Build Alternative, kabilang ang Burbank Station) alinsunod sa CEQA. Dahil sa tungkulin ng Authority bilang pangunahing ahensya ng NEPA, pag-iisipan din ng Lupon ng mga Direktor ng Authority kung ipag-uutos sa Chief Executive Officer ng Authority na maglabas ng Record of Decision para sa Seksyon ng Proyektong Burbank hanggang Los Angeles kung saan pinipili ang Gustong Alternatibo (ang HSR Build Alternative, kabilang ang Burbank Station) dahil sa tungkulin ng Authority bilang pangunahing ahensya ng NEPA. Ang mga dokumento at materyal na sumusuporta sa mga iminumungkahing pagkilos ng Lupon ng mga Direktor ng Authority ay makukuha bago ang pagpupulong sa web page ng Lupon sa https://hsr.ca.gov/about/board-of-directors/schedule/.

Ang mga pasilidad para sa pagpupulong ay maa-access ng mga taong may mga kapansanan o nangangailangan ng tulong upang makalahok. Para sa mga serbisyo sa pagsasalin, o mga espesyal na pangangailangan, tumawag sa (877) 977-1660.

Kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng mga kopya ng mga dokumento, mag-email sa amin sa Burbank_Los.Angeles@hsr.ca.gov o tawagan ang tanggapan ng California High-Speed Rail Authority sa (877) 977-1660.